

من هو النبي ﷺ وماذا علمنا ؟

Sino si Propeta Muhammad (ﷺ) at ano ang itinuro niya sa atin?

Wika:	Arabic – Filipino	العربية – الفلبينية	اللغة :
Mga target na lugar:			المناطق المستهدفة باللغة :
Isinalin ni:	Abu Ibraheem Al-Hafeyz Bautista	أبو إبراهيم الحافظ باوتيسا	ترجمة :
Nirebisa ng:	Scientific division of the Sunnah Institute	القسم العلمي بمعهد السنة	مراجعة :
Tagapangasiwa:	Dr. Haytham Sarhan	د. هيثم سرحان	إشراف :
Edisyon at Taon:	First – 1443H	الأولى – 1443 هـ	النسخة والسنة :



Unang Edisyon
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan para sa bawat Muslim

Makipag-ugnayan sa: islamtorrent@gmail.com

فصح وزارة الإعلام



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sino si Propeta Muhammad
صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ, at ano ang itinuro niya sa
atin?

من هو النَّبِيُّ مُحَمَّدٌ ﷺ، وماذا عَلَّمَنَا؟

Siya ang nagtanggol sa mga karapatan ng
sangkatauhan mula noong 1400 taon na
ang nakalilipas.

هو الَّذِي دافع عن حقوق كلِّ البشر منذ 1400
عامٍ.

Iningatan niya ang mga karapatan ng
lalaki, babae, bata, at mahihina.

حفظ الرِّجال، والنِّساء، والصِّغار والضعفاء.

Pinrotektahan niya ang mga karapatan ng
mga hayop at kapaligiran at naghihimok
na pangalagaan ang kalupaan.

حفظ حقوق الحيوان والنبات، وحثَّ على
الاعتناء بالأرض.

Inutusan niya tayong magkaroon ng
mabuting asal; itinaguyod at itinayo niya
ang mga relasyon sa pagitan ng mga
kamag-anak at kapitbahay.

أمرنا بحسن الخلق، ونظَّم العلاقة بين الأقارب
والجيران.

Nagtatag siya ng isang relasyon ng
magkakasamang buhay sa pagitan ng mga
Muslim at di-Muslim.

وأسَّس علاقة تعايشٍ بين المسلمين وغير
المسلمين.

Siya ay nagtaguyod at nagbalangkas ng
mga relasyon sa pamilya na
ginagarantiyahan ang dakila at
makabuluhang karapatan ng mga
magulang sa kanilang mga anak.

ونظَّم العلاقات الأسريَّة الَّتِي تضمن للأب
وللأمَّ حقوقًا كبيرةً وعظيمةً على أبنائهم.

Ipinagbawal niya ang pang-aapi at
nanawagan para sa katarungan, pag-ibig,
pagkakaisa, at pagtutulongan sa

منع الظُّلم، ودعا للعدل والمحبة والتَّكاتف

kabutihan.

والتَّعاون للخير.

Nanawagan siya sa pagtulong sa nangangailangan, pagdalaw sa mga maysakit, pagmamahalan, at pagpapayo sa isa't isa.

دعا لمساعدة المحتاج، وزيارة المريض، والمحبة،
والتناصح بين كل الناس.

Ipinagbawal niya sa mga Muslim ang masamang pakikitungo tulad ng pagnanakaw, pandaraya, karahasan, at pang-aapi.

منع على المسلمين المعاملات السيئة مثل السرقة
والغش والقتل والظلم.

Siya ang nagpabago sa ating buhay at etika mula sa masama tungo sa mabuti.

إنه من غير حياتنا وطباعنا السيئة إلى حسنة.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag magnakaw.

علم المسلم أن لا يسرق.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag magsinungaling.

علم المسلم أن لا يكذب.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag uminom ng alak.

علم المسلم أن لا يشرب الخمر.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag mangalunya.

علم المسلم أن لا يزني.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag mandaya.

علم المسلم أن لا يغش.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag makipaglaban sa mga inosenteng tao.

علم المسلم أن لا يقاتل الأبرياء.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag saktan ang kanilang mga kapitbahay, Muslim man, at hindi Muslim.

علم المسلم أن لا يؤذي جاره؛ مسلمًا كان أو
كافرًا.

Tinuruan niya ang mga Muslim na maging mabait sa kanilang mga magulang

علم المسلم أن يبرّ بوالديه، ويخدمهما ولو كانا على

at paglingkuran sila, kahit na hindi sila nasa parehong relihiyon

غير دينه.

Tinuruan niya ang mga Muslim na magpakita ng kabaitan sa mga bata, kababaihan, mahihina, at matatanda.

عَلَّمَ الْمُسْلِمَ أَنْ يَعْطِفَ عَلَى الصَّغَارِ، وَعَلَى النِّسَاءِ، وَعَلَى الضُّعَفَاءِ وَكِبَارِ السِّنِّ.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag saktan ang sinumang tao o hayop, at huwag magdulot ng pinsala sa kapaligiran.

عَلَّمَ الْمُسْلِمَ أَنْ لَا يَعْذِّبَ الْبَشَرَ، وَلَا الْحَيَوَانَاتِ، وَلَا يَفْسِدَ الْبَيْئَةَ.

Tinuruan niya ang mga Muslim na mahalín ang kanilang asawa, alagaan ang kanilang mga anak, at magpakita ng awa sa kanila hanggang sa huling araw ng kanilang buhay.

عَلَّمَ الْمُسْلِمَ أَنْ يَرْحَمَ وَيُحِبَّ زَوْجَتَهُ، وَيَهْتَمَّ وَيَعْطِفَ عَلَى أَبْنَائِهِ، حَتَّى آخِرِ يَوْمٍ مِنْ عَمْرِهِ.

Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag iwanan ang kanilang relasyon sa kanilang mga anak kahit na sila ay nasa hustong gulang na.

عَلَّمَ الْمُسْلِمَ أَنْ لَا تَنْتَهِيَ عِلَاقَتُهُ بِأَوْلَادِهِ بَعْدَ سَنِّ الرُّشْدِ أَبَدًا.

Ang bawat Muslim ay nagmamahal kay Muhammad ﷺ nang higit sa iba pang nilikha

كُلُّ مُسْلِمٍ يُحِبُّ مُحَمَّدًا ﷺ أَكْثَرَ مِنْ كُلِّ مَخْلُوقٍ.

Si Propeta Moses at Hesus ay nagbigay ng masayang balita tungkol sa kanya.

بَشَّرَ بِهِ مُوسَى وَعِيسَى عَلَيْهِمَا السَّلَامُ.

Ang bawat Muslim ay nagmamahal kay Moses at Hesus - sumakanila nawa ang kapayapaan - at naniniwala na sila ay kabilang sa mga pinakamahusay sa mga Propeta, sumakanilang lahat ang kapayapaan.

كُلُّ مُسْلِمٍ يُحِبُّ مُوسَى وَعِيسَى عَلَيْهِمَا السَّلَامُ، وَيُؤْمِنُ أَنَّهُمَا مِنْ أَفْضَلِ الْأَنْبِيَاءِ عَلَيْهِمَا السَّلَامُ.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay ipinadala sa mga Arabo at hindi Arabo.

بَعَثَ مُحَمَّدًا ﷺ لِلْعَرَبِ وَغَيْرِ الْعَرَبِ.

Walang kahigitan sa kanyang relihiyon sa pagitan ng mga Arabo at di-Arabo maliban sa kabanalan.

ولا فرق في دينه بين عربيٍّ وغير عربيٍّ إلا بالتقوى.

Katotohanan, siya ay si Muhammad ﷺ.

إنَّه مُحَمَّدٌ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ.

Alam mo na ba ngayon kung bakit mahal ng lahat ng Muslim si Muhammad ﷺ?

هل عرفتم لماذا يحبُّ كلُّ المسلمين مُحَمَّدًا ﷺ؟

Alam mo na ba ngayon kung ano ang ibig sabihin ni Muhammad ﷺ para sa mga Muslim?

هل عرفتم ماذا يعنى مُحَمَّدٌ ﷺ للمسلمين؟

Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Muhammad ﷺ at sa kanyang mga turo, mangyaring bisitahin ang:

للمزيد من المعلومات عن نبيِّ الله مُحَمَّدٍ ﷺ وتعاليمه، يُرجى زيارة:

